
# Pag-uugnay sa Sariling Karanasan sa Nabasang Teksto

## Subukin

Basahin ang kuwento sa ibaba.

### Kaarawan ni Mina



Maagang gumising si Mina. Ginising niya ang kanyang nanay upang samahan siya sa simbahan. Pagdating nila sa silid-dasalan, nagsindi siya ng kandila at nagdasal.

Pag-uwi nina Mina at ng nanay niya sa bahay sobrang nasorpresa siya. Nakita niya sa hapag-kainan ang tatay at ang bunsong kapatid na naghahanda ng mga masasarap na pagkain.

Nagdasal at nagpasalamat si Mina sa Diyos sa lahat ng mga biyayang natanggap sa buhay niya at sa buong pamilya. Tuwang-tuwa nilang pinagsasaluhan ang inihahandang pagkain.


Sobrang saya ni Mina nang iabot sa kanya ang isang kahon. "Para sa iyo, anak," sabi ng kanyang ina. Pagbukas niya sa kahon ay nagulat siya nang makita ang isang damit na gustong-gusto niya. "Marami pong salamat sa regalong ito inay," sambit ni Mina.



LIVEWORKSHEETS

Panuto: Piliin ang angkop na pangungusap sa **Hanay B** na nag-uugnay sa larawan ng **Hanay A**.


**A** | **B**

1. 

2. 


3. 

4. 

5. 

A. Tuwang-tuwa ako sa aking kaarawan.

B. Nagsimba at nagsindi ako ng kandila bilang pasasalamat sa Diyos sa aking kaarawan.

C. Tuwing kaarawan ay bibigyan ako ng regalo.

D. Mayroong masasarap na pagkain sa aking kaarawan.

E. Nagsuot ako ng bagong damit sa aking kaarawan.

"READY TO PRINT"




LIVEWORKSHEETS

## Balikan

Basahin ang pabula.

**Ang Aso at Ang Anino**



Isang aso ang naglalakad habang kagat-kagat sa bibig ang isang pirasong karne. Tumawid siya sa isang tulay at tumingin sa tubig.

Nakita niya ang kanyang repleksiyon sa tubig at inakalang ibang aso ito na mayroon ding dalang karne sa bibig. Tumahol siya dahil nais niyang makuha ang karne ng asong nakita. Ngunit sa kanyang pagtahol ay nahulog sa tubig ang karne sa kanyang bibig at hindi na niya ito muli pang nakuha.

(by Aesop)

"READY TO PRINT"

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa hiwalay na sagutang papel.

1. Sino ang naglalakad na may kagat na isang pirasong karne sa bibig?
   A. aso
   B. pusa
   C. ahas
   D. kambing



LIVEWORKSHEETS

2. Ano ang kanyang nakita nang tumingin siya sa tubig?
   A. buto
   B. tubig
   C. karne
   D. anino
3. Bakit tumahol ang aso nang nakita niya ang sarili sa tubig?
   A. nakakita siya ng pusa
   B. nakakita siya ng ahas
   C. akala niya na hinabol siya ng kanyang amo
   D. akala niya na ibang aso ang kanyang nakita sa tubig
4. Kung ikaw ang aso, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa?
   A. Hindi
   B. Gagawin
   C. Wala sa lahat
   D. Ipagwalang bahala
5. Tama ba na nanaisin ng aso na makuha ang karne sa ibang aso? Bakit?
   A. Oo, dahil galit siya sa aso na nasa tubig.
   B. Oo, dahil gusto niyang makuha ang karne.
   C. Hindi, dahil ang pagiging madamot ay mali.
   D. Hindi, dahil ang pagiging madamot ay tama.

"READY TO PRINT"




LIVEWORKSHEETS

## Tuklasin

Panuto: Tingnan ang larawan na nasa ibaba. Suriin kung ano ang ipinapakita nito at basahin ang kuwento.

### Ang Pasko ni Marife



Si Marife ay anak mayaman subalit hindi siya katulad ng ibang bata na lumaki sa karangyaan.

Ang kanyang mga magulang na sina Don Juan at Donya Remedios ay nagpapasalamat sa Poong Maykapal sa mabuting ugali na ipinapakita ng kanilang nag-iisang anak sa mga mahihirap.

Sa araw ng Pasko, niyaya ni Marife ang kanyang mga kaibigan na pumunta sa isang lugar na makikita doon ang mga batang kalye na walang mga magulang.

Namigay sila ng mga pagkain, laruan, damit at iba pang mga gamit sa paaralan. "Marife, matanong ko lang, bakit dito tayo pumunta ngayong Araw ng Pasko"? tanong ni Jocelyn, ang matalik niyang kaibigan.

"READY TO PRINT"



LIVEWORKSHEETS

"Malapit sa puso ko ang mga batang kalye. Kawawa naman sila. Gusto ko na kahit isang beses lang sa isang taon ay mapasaya ko sila, "sabi ni Marife.

Masayang-masaya ang mga batang kalye dahil binigyan sila ng mga regalo at pagkain tulad ng **spaghetti**, litsong manok, salad, **hotdog** at keyk .

"Masuwerte tayo na lumaki na kasama natin ang ating pamilya. Ang iba sa kanila ay walang mga magulang kaya ramdam ko ang kanilang pangungulila", pagpapaliwanag ni Marife.

"READY TO PRINT"

Panuto : Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang tamang titik sa sagutang papel.

1. Anong katangian ang ipinakita ni Marife?
   A. madamot
   B. manloloko
   C. mapagbigay

2. Sino-sino ang binigyan ng tulong ni Marife?
   A. ang mga batang kalye
   B. ang mga batang gutom
   C. ang mga batang mayaman

3. Paano ipinagdiriwang ng magkaibigan ang Pasko?
   A. paglalaro sa plasa
   B. pagshopping sa mall



LIVEWORKSHEETS

C. pagbibigay ng tulong

4. Bakit sa ganitong paraan ginawa ni Marife ang kanyang Pasko?
   A. nakakatuwa ang mga batang kalye
   B. nakakapagod na palagi lang nasa bahay
   C. malapit sa puso ni Marife ang mga batang kalye

5. Sa palagay mo, tama kaya ang ginawa ni Marife tuwing pasko?
   A. Oo
   B. Mali
   C. Hindi

"READY TO PRINT"

## Suriin

Ang iba't ibang karanasan ay nakatuturo ng bagong aral upang mas lalo tayong maging mahusay at matatag sa buhay.

Magkakaroon ng kabuluhan ang isang pangyayari o kuwento kung maiuugnay ang mga ito sa ating sariling karanasan. Ang mga aral at kaalamang napulot mula sa binasa ay magagamit natin sa pang araw-araw na buhay.



LIVEWORKSHEETS

Panuto: Basahin at unawain ang teksto.

## Ang Pista

Ang pagdiriwang ng kapistahan taon-taon ay isa sa mga kaugalian ng mga Pilipino. Ito ang panahon ng pagkikita-kita ng ating mga kamag-anak, kaibigan at mga kasamahan sa trabaho. Bawat pamilya ay abalang-abala sa paghahanda at pag-aayos ng kanilang bahay. Ang iba naman ay nagkakabit ng mga banderitas.

Bawat pamilya, mahirap man o mayaman ay mayroong ihahandang masasarap na pagkaing maihahain sa mga panauhing darating.

Ang paghahanda tuwing pista ay ang pagpapasalamat sa Poong Maykapal sa mga biyayang natanggap taon-taon. Ito ay hindi mawawala sa puso ng bawat Pilipino.

"READY TO PRINT"

Panuto: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| | |



LIVEWORKSHEETS

| Mga pangyayari sa binasang teksto | Mga sariling karanasang kaugnay sa binasa |
|---|---|
| 1. Pagkikita ng mga kamag-anak, kaibigan at mga kasamahan. | A. Nagsimba kami tuwing pista. |
| 2. Bawat pamilya ay abalang-abala sa paghahanda at pag-aayos. | B. Mayroong handaan sa aming baryo. |
| 3. Tuwang-tuwa sila sa panahon ng pista dahil may banda at parada | C. Nag-aayos ako ng bahay. |
| 4. Bawat pamilya ay may handang masasarap na pagkain para sa panauhin. | D. Sumali ako sa banda at parada. |
| 5. Ang pista ay ang pagpapasalamat sa Poong Maykapal sa mga biyayang natanggap. | E. Nakakasama ko ang mga pinsan at kamag-anak kapag pista sa amin. |

## Pagyamanin

**Panuto:** Piliin ang tamang salita na nasa loob ng kahon na nag-uugnay sa iyong sariling karanasan. Isulat ang titik sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| A. galing | D. pagkakaisa |
| B. masaya | E. pagbutihin |
| C. kakayahan | |

"READY TO PRINT"



LIVEWORKSHEETS

1.Maramdaman mo kung nanalo ka sa paligsahan ____________________

2. Gagawin mo para hindi mabigo ang iyong kasamahan ____________________

3. Malinang sa pagsali ng anumang paligsahan ____________________

4. Basehan ng **choreographer** na masali sa paligsahan ____________________

5. Kailangan upang manalo sa paligsahan ____________________

"READY TO PRINT"

## Isaisip


- Ang tao ay may iba't ibang karanasan sa lipunan. Ito'y nagtuturo sa kanya ng bagong aral upang mas lalong maging mahusay at matatag sa buhay.
- Sa pagsagot sa mga katanungan, unawaing mabuti ang nabasang teksto para masagot ang mga tanong sa pag-uugnay sa sariling karanasan.

## Isagawa



LIVEWORKSHEETS

Basahin ang kuwento.



## Araw ng mga Guro

Ipinagdiriwang bawat taon ang Araw ng mga Guro. Lahat ay nagagalak na ipagdiriwang ang araw na ito sa bawat paaralan.

Nagtatanghal ng palatuntunan para sa mga guro ang mga mag-aaral. Bawat antas ay mayroong kanya-kanyang palabas. May mga batang sumasayaw, nagtutula, umaawit at nagtatanghal ng maikling dula-dulaan.

Pagkatapos ng pagtatanghal, nagbibigay ang mga bata ng mga bulaklak para sa kanilang guro. Ang ibang mag-aaral ay nagbibigay din ng kard, regalo at mga lobo.

Masayang-masaya ang lahat sa araw na ito. Ito ang panahon na naipapakita ang pagmamahal ng mga bata sa kanilang mga guro.

Panuto : Punan ng tamang salita na nasa kahon ang bawat patlang upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot.

I.

| | | |
|---|---|---|
| A. pagkain | C. kard | E. umawit |
| B. bulaklak | D. sayaw | F. prutas |

"READY TO PRINT"

1. Kami ay gumawa ng ________ na sinulatan ng mensaheng pasasalamat.

2. Kami ay nagbigay ng _________ bilang tanda ng pagmamahal sa aming guro.



LIVEWORKSHEETS

3. Ang aming grupo ay nagtanghal ng ________ na nakaiindak.


4. Maganda ang boses ng aking kaklase kaya siya ay ________.

5. Sama-sama kaming kumain sa inihandang masasarap na ________ ni Ginang Ocular.

## Tayahin

Panuto: Basahin ang teksto. Unawain ang detalye nito.

### Mga Pagdiriwang sa Pilipinas



Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na sagana sa pagdiriwang. Halos bawat buwan ng taon ay mayroong pagdiriwang at iilan nito ay mahalaga at paborito ng mga Pilipino.



LIVEWORKSHEETS

Ang Pista ay isang pagdiriwang bilang paggunita sa isang mahalagang araw ng pagpapasalamat. Karaniwan, ito ay tungkol sa kasaganahan ng ani sa isang bayan.

Ang Araw ng mga Kaluluwa ay isa ring pagdiriwang bilang pag-alala sa mga sumakabilang buhay. Nag-aalay ng mga dasal at nagsisindi ng mga kandila ang karamihan ng mga Pilipino sa araw na ito.

Ang Pasko ang tinaguriang pinakamasayang pagdiriwang ng taon. Sa araw na ito inaalala ang kapanganakan ng Panginoong Hesus. Ipinapakita nito ang diwa ng pagbibigayan at pagmamahalan.


Ipinagdiriwang din sa ating bansa ang Ramadan, Bagong Taon, Araw ng mga Puso, at iba pa. Ang mga nasabing pagdiriwang ay bahagi na ng buhay ng mga Pilipino.

"ONLY TO PRINT"


Panuto: Piliin ang tamang sagot na angkop sa larawan.

1. 

A. Pasko
B. Kaarawan
C. Mahal na Araw

2. 



A. Pista
B. Bakasyon
C. Bagong Taon

3. 


A. pista
B. kaarawan
C. Bagong Taon



LIVEWORKSHEETS

4. 


A. Pasko
B. Ramadan
C. Araw ng Kaluluwa

"READY TO PRINT"



LIVEWORKSHEETS